# Lahat ng Nag-aangas ay Inaagnas

**Paolo Tiausas**

### Pansamantalang Paglutang sa Kalawakan

Hindi ito tula ng pag-ibig. Sa harap ng salamin ng hatinggabi,
naroon ako bigla, sa panahong hindi pa naglilingkis-lingkis
ang mga kaluluwa sa mga banat na kable ng telepono,
naniniktik sa dalagang pinaliliwanag ang daan sa manliligaw.
Matamis ang mga salita. Ilang dekada pa bago umalingawngaw
sa mga kuwentong sumusulpot sa mga nalimot nang pagsinta.
Sa panahong pumuputok ang giyera at sinisindihan ang mitsa,
mangangako ang mag-asawa sa mga estrangherong saksi
na sa pagtanda, dadalhin ang mga mithi noong pagkabata.
Tila goma sa tirador. May katumbas na puwersa ang ganoon.
Alam mo ba na madaling samantalahin ang init ng pag-ibig?
Nalulong ang kaibigan sa larawan. Nahulog ang isa sa balon.
May nagpalit ng pangalan, may isinumpa ang kanilang katawan.
Nagwaring isda ang iba at lumangoy sa dilim ng karagatan
hanggang sa maging mala-tubig ang mga baga, ang mga puso
na tumitibok na lamang tuwing naaalalang patibukin ito.
Mabuti na, kaysa wala. "Hindi ako kailanman mag-aasawa,"
inamin ng isa sa kausap na tsitsirya, katabi niya ang sinta,
may ilan ding trahedyang saglit bago nabasag ang tahimik
sa tugon ng iba: "Mapagbiro ka naman masyado sa kanya."
At kapag nahinog ang biro: may mga anak na matutuliro
sa di-kilalang numerong tumatawag bigla sa cellphone,
may ilan na hahamunin pang panoorin ang pagring nito.
May magtatangkang bumili ng isang pilak na pulseras
at ibubulsa ito sa backpack kasama ang keychain at rosaryo.
Sa pinagtabi-tabing kutson ibubulong ng isang binata sa isa pa
ang kanyang mga pangarap: scholarship, Gameboy, o kaya mundo
gaya sa anime at manga, ang mga nakakubling kapangyarihan
na magpapasiklab ng mga dulo ng daliri at wawasak ng mga gusali,
ang mga baraha na nagtatakda ng kaparis na halimaw na sarili,
ang mga lihim na organisasyon sa pinakakaraniwang paaralan,

ang yelo at ang hangin, ang planeta at ang bituin, ang buwan,
o kahit ang sumusugat na payak: ang lalakad pauwi sa tahanan
kasama ng isang hindi kailanman hihiwalay na kaibigan.
Marami pang madaling-araw na ganito: akmang maghihilamos
dulot ng nanunuyong balat sa pisngi at tungki ng ilong
at sa halip mabubulaga ng gaan ng paglipas, ang mga namatay,
ang mga mamamatay, at kahit ang sarili na mamamatayan.
Matamis nga ang mga salita. Kaya nitong pigilin ang wakas,
kayang dalhin sa katukayong eskinita ang balang-araw na sinta.
Kayang buhatin ang mabigat na pinamalengke at ayusin ang tubo
sa ilalim ng lababo kung kinakailangan. Kaya nitong magmaneho.
Kaya nitong isabit ako sa langit. Nakatiwarik, nakahalukipkip.

## Feelings

Listen—up—ikaw na nakahalukipkip ang messenger bag
sa walang kapagalang pahigpit nang pahigpit na bisig
bago ito bitawan, hayaang sumabay sa pag-indak ng katawan,
sabay hataw ng robot dance na tila may kaunting kalawang,
saka kumpas ng paa na ibinabalik ako sa malalayong gabi
na nasasama kaming mga bata sa ballroom dancing ng lola,
ang panunuot ng iyong kaluluwa sa pagkukuratsa ng musika
samantalang maingat na hindi nilalampasan ang kathang kahon
sa paligid ng iyong reserved seating dito sa general admissions,
ikaw na walang kasama, ikaw na lalaki, ikaw na talagang nag-iisa,
gusto kita. Gusto kita sa paraang hindi ko kailanman gugustuhin
ang sarili ko, ang tanging dance move ko na paglingon sa kakilala,
ang pagraratsada nitong mga balangkas at argumento sa isip ko
kung bakit hindi ko, alam mo iyon, hindi ko maibigay ang lahat
kahit kaharap ang diyos sa kanyang tahanan, ang bahagharing blusa,
ang pagpaimbulog sa langit, itong *I wanna cut through the clouds,*
*break the ceiling*, at sa sandaling ito posible pala ang magselos
sa taong alam kong mas malapit sa ating poon at tagapagligtas
na Carly Rae Jepsen, dahil sa landasin ng emosyon at debosyon,
sa mga alok ng numero at pagkaripas sa mga dayuhang kalsada,
nilikha tayo ni Carly sa iisang hubog, pantay-pantay na mga katha.
Amen. Kaya ngayon, ilang taon mula noong binansagan ng kakilala
ang aking sayaw bilang *pure movement*, dumating na rin sa wakas
ang anghel na mga kalaro ni Carly dito sa pinakahuli niyang kanta,
ang bagong sugo, ikaw na nakahalukipkip ang messenger bag
sa walang kapagalang pahigpit nang pahigpit na bisig,
suot ang polo shirt na mukhang may logo pa yata ng opisina
at maong na pantalong kulang pa ang tiklop ng manggas,
ikaw na mula sa likod ay medyo kahawig pa ang aking kuya,
magsayaw ka. Para sa iyo, para sa akin, para sa sansinukob
ng mga lalaking namamanata sa pagkaagnas at pagnanasa.
Carly, ang santong padron ng mapangahas na ibig at luksa,
aleluya, aleluya.

## Resignation Letter

Wala namang pumipilit sa iyo.
Hindi mo naman kailangang umalis.
At oo, minsan, kahit ang agila biglang
bumubulusok sa tagpi-tagping yero
na pinamamahayan ng higanteng daga.
At oo, hindi naman iyon ang intensiyon,
baka gumagapang lang naman ang sawa
ng sapantaha paakyat sa lalamunan
kaya mo naisip na may ganitong pakana.
Pero ikaw naman ang makakapagpasya.
Pero ikaw. Pag-isipan mo kaya muna?
Punasan mo ang bintana. Sabunin din.
Sabawan ang kasasaing na kanin.
Itulog mo muna, baka sakaling
matauhan iyang gagamba sa dibdib
pagkagising sa malalang panaginip.
Mahirap nang makahanap ng trabaho
sa panahong nagkukubli kahit ang ipis
na kalilisan lamang sa dilim ng kanal.
Alam mo bang napipigilan ng ipis
ang kanilang hininga sa ilalim ng tubig
hanggang sa apatnapung minuto?
Kaya nakatatawid sila sa mga tubo,
nakalalangoy at nabubuhay sa estero.
At minsan, kahit diinan ng tsinelas,
nagagawa pa ring kumaripas.
Baka may kinalaman sa paghinga.
Baka dahil walang nababasag na buto
at lampahin mo man ang apat na paa
may maiiwan pang dalawang gumagana.
Sapat na kaya iyon para mabuhay ka?
Kung oo, e di ikaw na.

## Kamukha ang Kalaban

Hitik sa hinayang ang pagbibilang ng kamukha sa screen.
Dito sa video ng madlang nakapaligid sa dalawang bida,
sukát ng mga rapper ang mga bala na tugon sa bawat salita.
Subalit hindi na ako interesado sa bangis at bilis ng isip,
sa bihasang tugma, sa palakpak—nandito ako sa siksikan
na tren at ginagasgas ng backpack ng katabi ang aking braso,
at sa ilang sandali pa, ngangatngatin ang aking mukha
ng malutong na bulong ng pasaherong nagmumura.

Maligamgam ang lasa ng dugo. Sa mga kakayahan ng dila,
pinakamahiwaga ang mga tunog na wala pang basbas
ng diksiyonaryo. Ang gripong naghihingalo, ang butiki,
ang garalgal ng tubig, ang yamot na ugong ng makina.
Papara ang tren sa istasyon, magbubukas ang mga pinto,
hindi ko hahanapin ang mainit na ulong kasabay kanina.
Sa unang pagtutuos na ito, wala akong ni pantig o imik,
kunwaring hindi ko nakita ang sinasaliksik ng katabi.

Bubuksan kong muli sa pag-uwi ang video nitong tagisan
ng mga lalaki sa karagatan ng tumatangong mga lalaki.
Maaaring naroon ako, maaaring wala. Sa dilim ng monitor
bago ang susunod na video, nakaharap ko ang sariling tulala.
*Walang kuwenta*. Dalawa pang hampas sa likod, baka lima.
May nagsulat: namatay na raw sa hematoma ang tindero
buhat ng apat na lalaking armado. Mahahaba pa ang dala.
*Malupit*. Dito sa ikalawang pagtutuos, may panalo na. Next.

## Hindi Posibilidad ang Pag-asa

Pang-ilang kuwento na ba ito ng mga hayop
na niligtas ng mga lagalag na malambot ang puso
at nagkataong handa lagi ang isa sa smartphone
upang kunan ng video at ipaubaya sa internet?
Kung ganoon, ilan kayang mga karnerong-dagat
ang tuluyang natanikala ang palikpik sa lambat?
Ang usang hindi makawala ang sungay sa bakod,
hindi alam na matagal nang patay ang umuupa
sa bahay na dating pugad ng mag-asawa at anak.
Subalit hindi tuldok, kundi laging tuldok-tuldok,
ellipsis sa lihim na kuwaderno ng binata na taglay
ang pahiwatig na *bakit ba hindi pa ako namamatay*
at nakabalot ng punda't kumot noong ang pagtulog
may dulot pang lunas sa pusong kumakabog-kabog
bago lumubog sa katotohanan. Walang kawala
sa pamilya, walang kawala sa pagiging isang palpak
sa likas na laboratoryo ng pagpapalaki ng tao,
walang maisumbat sa sumbat, isang pinong sinulid
na hindi napipigtal, habang palayo nang palayo
ang paglayas handang bigtiin ang natitira niyang lakas.
Sapagkat hindi naman ito larangan ng kasalanan.
Sa harap ng barbero, ang buhok ay para sa sibilisado.
Sa opisina, ang polo shirt ay kinakapitang tradisyon.
Sa bahay, patugtugin man ang *bahagyang pinatibok mo*
*ang puso ko*, mananatili pa ring dilat ang aswang
ng pagkukulang, sayawin man ang sakit sa katawan.
Sa daan, ang nakakasalubong ay kasabay lamang
sa paggagala mula sa muhon ng pantaong pagdurusa
patungo sa hanggahan ng kumikitid na bangketa.
Hanggang sa makaharap ang aspalto ng dantaon

na pananakop ng siyudad, hanggang dito sa edad
  na hindi na kilala ng mga lolo at lola ang mga apo,
at ang mga apo ay babaling ang tingin mula sa laro
  saka tatadtarin ng tinta ang kuwadernong matematika
ng mga larawan, ang pusong nabibiyak, ang bungo,
  ang laslas na pinapangarap, ang sintang hindi masuyo,
ang mga kolehiyong babagsakan, ang mga utang,
  ang resibo sa organisasyon at ang mga takdang-aralin,
ang kawalan ng oras, ang paglaklak ng panaginip,
  ang pag-iipon upang makabili ng malaking monitor,
ang walang-maliw na pag-scroll, ang panonood
  sa mga asong tatangayin na sana ng dalisay na ilog
subalit laging may dumarating na tagapagligtas,
  laging inaarkitekto ang pagpihit ng musika ng kaba
sa musika ng pag-asa, saka ang entrada ng piyano,
  saka ang pagsaliw ng biyolin, saka lalaya ang hayop
at hindi na muling aalalahanin ang mga kahapon
  na akmang kinain ng pusa ang kanyang mga kuting.